Bilang isang magulang, ikaw ay isang mahalagang miyembro ng pangkat ng IEP ng inyong anak at hinihimok na makisali sa mga pagpupulong kung saan ang mga desisyon ay ginagawa hinggil sa pagtatakdang pang-edukasyon ng inyong anak. Gayunman, kung hindi ka makadalo sa isang pagpupulong, ang paaralan sa distrito ay kinakailangang gumamit ng ibang mga paraan upang matiyak ang inyong pakikilahok, kasama na ang mga tawag sa indibiduwal o pang-komperensiya. Ang mga desisyon tungkol sa mga serbisyo at pagtatakda sa inyong anak ay maaaring gawin ng pangkat ng IEP kahit na hindi ka dumalo sa pagpupulong, ngunit kailangang magtabi ng rekord ang distrito ng mga pagsubok nito upang makapag-ayos ng isang kapwa napagkasunduan na oras at lugar para sa pagpupulong na kabilang ang mga bagay tulad ng mga detalyadong tawag sa telepono na ginawa o sinubukan at ang mga resulta ng tawag na iyon, mga kopya ng sulatan na naipadala sa inyo at anumang mga kasagutan na natanggap, o mga detalyadong rekord ng mga pagbibisita sa inyong tahanan o lugar ng trabaho at ang mga resulta ng mga pagbibisita na iyon.

Para sa isang bata na nagsisimula sa edad na 14 ½ taong gulang, o mas bata pa kung natiyak na naaangkop ng pangkat ng IEP, ang paunawa ay kailangang magpahiwatig na ang nag-iisang layunin ng pagpupulong ay ang pagpapahusay sa pahayag ukol sa mga pangangailang ng inyong anak sa serbisyong pagbabago at aanyayahan ng paaralan sa inyong distrito ang pagpupulong at tutukuyin ang anumang ibang ahensya na aanyayahan upang magpadala ng kinatawan sa pagpupulong.

Kinakailangang gawin ng distrito ang anumang pagkilos na kinakailangan upang tiyak na ikaw at ang inyong anak ay nauunawan ang mga pangyayari sa isang pagpupulong, na maaaring kabilang ang pag-aayos para sa isang tagasalin kung ikaw o ang inyong anak ay bingi o ang inyong katutubong wika ay hindi Ingles.

Ang pangkat ng IEP ay kinakailangang magpulong-pulong kahit man lamang isang beses sa isang taon at kinakailangang mayroong isang umiiral na IEP para sa inyong anak bago sumapit ang umpisa ng bawat taon ng pasukan sa paaralan. Pagkatapos ng taunang pagpupulong, ikaw at ang paaralan ay maaaring magkasundo na hindi magtipon ng isang pagpupulong ng IEP para sa layunin ng pagbabago ng IEP ng inyong anak, at sa halip ay maaaring baguhin o ibahin ang IEP sa pamamagitan ng isang kasulatan. Kailangang ipaalam sa mga miyembro ng pangkat ng IEP ang tungkol sa mga pagbabago. Sa anumang oras, maaari kang humiling ng isang IEP na pagpupulong na gaganapin sa maluwag na oras para sa iyo at sa paaralan.

MGA PAMAMARAAN SA PAGTATASA

Ang paaralan sa inyong distrito ay kinakailang gumamit ng iba't ibang kagamitan at estratehiya sa pagtatasa kapag isinasagawa ang isang pagtatasa para sa inyong anak. Kailangan tayahin ng pagtatasa ang inyong anak sa lahat ng mga bagay na may kaugnayan sa pinaghihinalaang kapansanan. Ang paaralan sa distrito ay kinakailangang gumamit ng mga mahusay sa teknikong mga kagamitan at pamamaraan na walang pagkikiling laban sa inyong anak sanhi ng lahi, kultura, wika, o kapansanan. Ang mga dokumento at pamamaraan ay kinakailangang ipagkaloob at pangasiwaan sa wika at form na pinakamalapit na magkakaloob ng wastong impormasyon ukol sa kaalaman at kayang gawin ng iyong anak.

Unang Pagtatasa

Ikaw o ang paaralan sa distrito ay maaaring magpasimula ng isang kahilingan para sa unang pagtatasa sa inyong anak. Kung natiyak na ang isang pagtatasa ay kinakailangan, dapat kumpletuhin ng distrito ang pagtatasa sa loob ng 60 araw ng pasukan sa paaralan mula nang natanggap ang inyong kasulatan ng pabatid.

Kailangang pangasiwaan ang pagtatasa ng isang pangkat ng mga kwalipikadong indibiduwal at kabilang ang inyong saloobin. Ang inyong anak ay hindi tutukuyin bilang isang bata na may kapansana kung ang kawalan ng naaangkop na tagubilin sa pagbabasa, matematika, o may limitadong kaalaman sa Ingles ay napagpasiyahan bilang mga tiyak na dahilan.

Muling Pagtatasa

Kahit man lamang tuwing tatlong taon pagkatapos ng unang pagtatasa, dapat ay muling tasahin ang inyong anak, maliban kung ikaw at ang paaralan ay nagkasundo na hindi kinakailangan ang isang muling pagtatasa.

Indepdyenteng Pagtatasang Pang-Edukasyon

Ang isang *indepdyenteng pagtatasang pang-edukasyon* ay nangangahulugan na ang pagtatasa ay pangangasiwaan ng isang kwalipikadong tao na inyong napili at hindi inatasan ng paaralan sa inyong distrito.

Ikaw ay mayroong karapatan na makakuha ng isang indepdyenteng pagtatasang pang-edukasyon na gagastusan ng publiko kung ikaw ay hindi sumasang-ayon sa isang pagtatasa na nakuha ng paaralan sa distrito. Kapag ikaw ay humiling sa paaralan sa distrito na bayaran ang isang indepdyenteng pagtatasang pang-edukasyon, ang paaralan ay dapat bayaran ito o humiling ng isang angkop na paglilitis nang walang hindi kinakailangan na pagkakaantala upang ipakita na naaangkop ang pagtatasa nito. Maaaring tanungin mula sa inyo ng paaralan sa distrito kung bakit ka tumututol sa pagtatasa nito, ngunit hindi puwedeng maantala nang walang katuwiran o tanggihan ang pagtatasa sa pamamagitan ng paghiling sa inyo na ipaliwanag ang inyong hindi pagsasang-ayon.

Kung sumang-ayon ang distrito na bayaran ang indepdyenteng pagtatasang pang-edukasyon, kailangan nitong ipagkaloob sa inyo, ayon sa inyong kahilingan, ang impormasyon kung saan maaaring makuha ang indepdyenteng pagtatasang pang-edukasyon. Tuwing ang isang indepdyenteng pagtatasa ay babayaran ng publiko, ang kriterya kung saan nakuha ang pagtatasa, kabilang na ang lokasyon ng pagtatasa at ang mga katangian ng tagasuri, ay kinakailangang pareho sa kriterya na ginagamit ng distrito kapag inumpisahan nito ang isang pagtatasa.

Kung inumpisahan ng distrito ang isang angkop na paglilitis at ang opisyal sa paglilitis ay nag-utos ng isang pagtatasa, ang halaga ng pagtatasa ay dapat bayaran ng publiko. Kung ang huling desisyon ng opisyal ng paglilitis ay ang pagiging angkop ng pagtatasa ng distrito, mayroon ka pa ring karapatan para sa isang independyenteng pagtatasang pang-edukasyon, ngunit ikaw ang magbabayad para rito.

Kung ikaw ay nakakuha ng isang independyenteng pagtatasang pang-edukasyon na babayaran nang isang pribado, ang mga resulta ng pagtatasa ay dapat isaalang-alang ng distrito sa anumang desisyong ginawa nang ayon sa kondisyon ng isang libre at naaangkop na pampublikong edukasyon para sa inyong anak. Maaari ka din dumalo sa independyenteng pagtatasang pang-edukasyon bilang katibayan sa isang angkop na paglilitis.

MGA PAGTATAKDA NG PRIBADONG PAARALAN

Ang seksyon na ito ay naglalarawan sa mga karapatan ng inyong anak kapag kusang loob mong inilagay siya sa isang pribadong paaralan/pasilidad.

Mga Pagtatakda ng Pribadong Paaralan Kapag ang FAPE ay Hindi isang Isyu

Ang lahat ng mga bata na may kapansanan na nakatira sa Estado, na may pangangailangan ng natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, kasama na ang mga batang pumapasok sa mga pribadong paaralan, ay dapat matagpuan, makilala, at matasa. Ang prosesong ito, tinatawag na *Paghahanap sa Bata* o Child Find, ay isang responsibilidad ng pampublikong paaralan sa distrito kung saan matatagpuan ang pribado o pambahay na paaralan ng inyong anak. Kung ang inyong anak ay natiyak na karapat-dapat para sa mga natatanging serbisyong pang-edukasyon, ang *Paghahanap sa Bata* ay kinabibilangan ng karapatan para sa isang tatlong taon na muling pagtatasa. Ang mga karapatan na inilalarawan sa dokumentong kaugnay na pagkikilanlan at pagtatasa ay gagamitin kahit kapag ipinasok mo ang inyong anak sa isang pribadong paaralan/pasilidad.

Gayunman, kapag pinili mong ipasok ang inyong anak na may kapansanan sa isang pribadong paaralan, ang inyong anak ay walang karapatan na makatanggap ng anumang uri ng natatanging edukasyon o kaugnay na mga serbisyo na maaari niyang matanggap kung nakalista sa isang pampublikong paaralan. Ang ilang mga natatanging serbisyong pang-edukasyon ay maaaring handang magamit ng inyong anak kapag nakalista sa isang pribadong paaralan, ngunit ang uri at halaga ay limitado ayon sa pampublikong paaralan kung saan matatagpuan ang pribadong paaralan ng inyong anak ay magdesisyon na magsilbi sa mga estudyante ng pribadong paaralan. Ang desisyon ng paaralan ay gagawin pagkatapos na makipag-konsulta sa mga kinatawan ng pribadong mga paaralan at isang kinatawang pangkat ng mga magulang ng pribadong paaralan para sa mga batang may kapansanan. Tinitiyak ng paaralan kung paano gamitin ang limitadong pondo ng pederal na naatasan para sa mga serbisyo ng pribadong paaralan. Kung piliin ng pampublikong paaralan na magkaloob ng anumang uri ng serbisyo sa inyong anak, samakatuwid, ang isang *plano ng mga serbisyo* ay dapat mabuo. Kasama sa plano ng mga serbisyo ang mga pakay at iyong mga elemento na isang tradisyonal na IEP na naaangkop para sa inyong anak at sa mga serbisyo na ipagkakaloob.

Mga Pagtatakda ng Pribadong Paaralan Kapag ang FAPE ay Isang Isyu

Kung ipalista mo ang inyong anak sa isang hindi pampublikong elementary o secondary na paaralan sanhi ng inyong paniniwala na hindi ipinagkakaloob ang isang libre at angkop na pampublikong edukasyon, ang mga sumusunod ay maaaring ipatupad:

- Isang opisyal ng korte o ng paglilitis ay hilingin mula sa distrito na ibalik sa iyo ang pera ng bayad sa pagpapalista kung natagpuan na ang distrito ay walang nahandog na libre at angkop na pampublikong edukasyon na magagamit sa isang napapanahong paraan bago ang pangyayari ng pagpapalista.

Ang halaga ng pagbabalik ng bayad ay ginagantimpala ng opisyal sa paglilitis na maaaring bawasan o hindi tanggapin:

- Kung, sa pinakahuling pagpupulong ng IEP na iyong dinaluhan bago ang pagtanggap sa inyong anak mula sa pampublikong paaralan, hindi mo ipinaalam sa Pangkat ng IEP na tinatanggihan mo ang pagtatakda na iminungkahi ng distrito, kabilang na ang paglalahad ng inyong mga pagkabahala at planong pagpapalista sa inyong anak sa hindi pampublikong paaralan o pasilidad;
- Kung 10 araw ng trabaho (kasama na ang mga bakasyon na maaaring maganap sa araw ng trabaho) bago tanggalin ang estudyante mula sa pampublikong paaralan, ay hindi ka nagbigay ng isang paunawa sa distrito ukol sa impormasyon na nabanggit sa itaas;
- Kung bago mo inalis ang inyong anak mula sa isang pampublikong paaralan, ipinaalam sa inyong ng paaralan sa distrito ang tungkol sa plano nito na tasahin ang inyong anak ngunit hindi ninyo siya inihanda o pinayagan para sa nasabing pagtatasa; o
- Sa pagkakatuklas ng hukom ng kawalang ng pangangatuwiran batay sa mga kilos na iyong isinagawa.

Ang halaga ng pagsasauli ng bayad ay maaaring **hindi** bawasan o tanggihan para sa kabiguan na magkaloob ng nasabing paunawa kung:

- Isang magulang/katiwala ay hindi kayang bumasa o sumulat sa wikang Ingles;
- Pagsunod sa mga hinihiling ng paunawa na maaaring magresulta sa pisikal o malubhang pananakit sa damdamin ng iyong anak;
- Ikaw ay hinadlangan ng paaralan mula sa pagkaloob ng nasabing paunawa; o
- Hindi ipinaalam sa inyo ang mga kahilingan ng paunawa na nabanggit sa itaas.

DISPLINA PARA SA MGA ESTUDYANTE NA MAY KAPANSANAN

Kung ang pag-uugali ng inyong anak ay nakakasagabal sa kaniyang pag-aaral o sa pag-aaral ng iba, ang mga estratehiya na kabilang ang mga pamamagitan at mga suporta sa pag-uugali, ay dapat isaalang-alang sa pagpapahusay ng IEP ng inyong anak.

Maikling Panahon na Pagkaalis (10 Araw o Mas Kaunti pa sa Isang Pagkakataon)

Kung ang inyong anak ay lumabag sa code para sa estudyante ukol sa ugali, ang mga kawani ng paaralan ay maaari siyang alisin mula sa kasalukuyang pagtatakda nang sampung (10) araw o mas kaunti pa sa buong taon ng pasok sa paaralan. Ang paaralan sa distrito ay hindi hinihiling na magkaloob ng mga serbisyong pang-edukasyon habang nagaganap ang pagkakaalis na ito maliban lamang kung ang ipinagkakaloob ang mga serbisyo sa mga estudyante na walang kapansanan sa ilalim ng mga kaparehong pagkakataon.

Matagal na Panahon na Pagkaalis

Ang kabuuang bilang ng pagkaalis na sampung (10) araw o higit pa sa isang taon ng pasok sa paaralan ay maaari o hindi maaaring magtatag ng pagbabago sa pagkakataon, depende sa pagkakaayos ng mga pagkakaalis na iyon at batay sa mga elemento tulad ng tagal ng bawat pagkaalis, ang kabuuang tagal ng panahon na ang inyong anak ay inalis sa isang taon ng pasukan sa paaralan at ang tagal ng panahon sa pagitan ng bawat pagkaalis.

Sa sandaling ang mga pagkaalis sanhi ng pag-uugali ay umabot sa higit sa 10 araw ng pasukan, ang paaralan sa distrito ay dapat ipagpatuloy ang pagkaloob ng mga serbisyong pang-edukasyon. Ang mga kawani ng paaralan, sa pakikipagkonsulta sa kahit man lamang isa sa mga guro ng inyong anak, ay kailangan tiyakin ang saklaw kung hanggang saan kinakailangan ang mga serbisyo upang magawang maipagpatuloy ang inyong anak na makilahok sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon, kahit na sa ibang uri ng kapaligiran, at upang umasenso patungo sa pagtatamo ng mga pakay na itinakda ng IEP habang isinasagawa ang mga pagkaalis.

Ang mga pagkaalis sanhi ng pag-uugali na humigit sa kabuuan ng sampung araw ng pasukan sa buong taong ng pasukan sa paaralan ay maaaring maituring para sa isang pagbabago sa pagkakatakda ng mga opisyal ng paaralan. Kung mangyari ito, ang paaralan sa distrito ay kinakailangang ipaalam sa inyo hinggil sa desisyon nito at magkaloob sa inyo ng isang kopya ng mga patakaran sa pananggalang sa araw mismo na ang desisyon sa pagkaalis ay nagawa. Ang mga kawani ng paaralan, sa pakikipagkonsulta sa kahit man lamang isa sa mga guro ng inyong anak, ay kailangang tiyakin ang saklaw kung hanggang saan kinakailangan ang mga serbisyo habang panahon ng pagkaalis. Ang inyong anak ay makatatanggap, kung naaangko, ng isang pagtatasa sa mabisang pag-uugali at mga serbisyo sa pamamagitan at pagbabago sa pag-uugali, na nilikha upang matuntunan ang paglalabas sa ugali upang hindi ito mangyari ulit. Bilang karagdagan, isang pagpupulong ng IEP ay dapat itipon sa lalong madaling panahon, ngunit hindi tatagal sa sampung (10) araw ng pasukan sa paaralan pagkatapos magawa ang desisyon sa pagkaalis upang magsagawa ng isang repaso sa pagtitika ng ipinapakita

Repaso sa Pagtitika ng Ipinapakita o Manifestation Determination Review (MDR)

Kapag namamahala ng isang repaso sa pagtitika ng ipinapakita, ang pangkat ng IEP ay dapat isaalang-alang ang lahat ng mga mahalagang impormasyon sa file ng inyong anak, kasama na ang IEP ng inyong anak, ang mga obserbasyon ng mga kawani, at anumang may kaugnayang impormasyon na ibinigay sa iyo. Tinitiyak ng pangkat ng IEP ang:

- ◆ Kung ang pag-uugali ay naging sanhi ng o naging isang direkta at makabuluhang ugnayan sa kapansanan ng inyong anak, o
- ◆ Kung ang pag-uugali ay naging isang direktang resulta ng pagkabigo ng paaralan sa distrito na ipatupad ang IEP ng inyong anak.

Kung natiyak ng pangkat na ang alinman sa mga pahayag ay magagamit, samakatuwid, ang pag-uugali ng inyong anak ay dapat isaalang-alang para sa pagpapakita ng kaniyang kapansanan.

A. Pagpapakita ng Kapansanan

Sa pagtitiyak na ang pag-uugali was isang pagpapakita ng kapansanan ng inyong anak, ang pangkat ng IEP ay:

- Mamamahala ng isang mabisang pagtatasa sa pag-uugali at magpapatupad ng isang plano ng pamamagitan, ipinagkakaloob n gang paaralan sa distrito ay hindi pa namamahala ng nasabing pagtatasa bago ang pagtitiyak ng pag-uugali na nagresulta sa pagbabago ng pagkakatakda,
- Sa sitwasyon na ang plano sa pamamagitan sa pag-uugali ay nagaganap, irepaso ang plano sa pamamagitan sa pag-uugali at/o baguhin ang plano kung kinakailangan upang matugunan ang pag-uugali, at
- Ibalik ang inyong anak sa pagkakatakda kung saan siya ay inalis, maliban kung ikaw at ang paaralan sa distrito ay nagkasundo sa isang pagbabago ng pagkakatakda, maliban kung ang estudyante ay inalis patungo sa isang pansamantalang alternatibong edukasyon na tagpuan para sa droga, mga armas at/o malubhang pinsala sa katawan (tingnan sa ibaba para sa karagdagang impormasyon o pansamantalang alternatibong pang-edukasyon na tagpuan).

B. Hindi isang Pagpapakita ng Kapansanan

Kung natiyak na ang pag-uugali ng inyong anak ay walang kaugnayan sa kaniyang kapansanan, ang mga may kaugnayan na pamamaraan sa pagdidisiplina ay maaaring gamitin sa parehong pamamaraan na ginagawa sa mga estudyante na walang kapansanan - maliban kung ang mga estudyante na walang kapansanan ay nararapat na magpatuloy na tumanggap ng libre at naaangkop na pampublikong edukasyon kung inalis nang higit sa 10 araw ng pasukan sa buong taon ng pasukan.

Kung sinimulan ng lokal na distrito ang may kaugnayan na pamamaraan sa pagdidisiplina na para sa lahat ng mga estudyante, kailangang tiyakin ng distrito na ang natatanging edukasyon at rekord sa pagdidisiplina ng inyong anak ay ipagbibigay-alam para isaalang-alang ng (mga) tao na gumagawa ng panghuling pagtitiyak tungkol sa kilos.

Pinabilis na Proseso ng Makatarungang Paglilitis

Kung hindi ka sumasang-ayon sa anumang mga desisyon hinggil sa pagtatakdang pang-disiplina o ang repaso sa pagtitika ng ipinapakita, ikaw ay mayroong karapatan na humiling ng isang pinabilis na proseso ng makatarungang paglilitis. Ang lokal na distrito o ISBE ay kinakailangang mag-ayos para sa isang pinabilis na paglilitis kapag ikaw ay nagpahiwatig ng kahilingan sa isang kasulatan.

Bilang karagdagang, kung ang paaralan sa distrito ay naniniwala na ang pananatili sa inyong anak sa kaniyang kasalukuyan pagkakatakda ay marahil mag-resulta sa pagkapinsala sa inyong anak o sa iba, maaaring humiling ng isang pinabilis na makatarungang paglilitis upang baguhin ang pagkakatakda sa inyong anak patungo sa isang pansamantalang alternatibong pang-edukasyon na tagpuan. Ang opisyal ng paglilitis ay maaaring mag-utos ng pagtatakda kahit na ang mga pag-uugali ng inyong anak ay isang pagpapakita ng kaniyang kapansanan.

Ang pinabilis na paglilitis ay kinakailangang maganap sa loob ng 20 araw ng pasukan simula ng petsa ng paghiling sa paglilitis at kinakailangang mag-resulta sa isang pagtitiyak sa loob ng 10 araw ng pasukan pagkatapos ng paglilitis.

Pansamantalang Alternatibong Pang-edukasyon na Tagpuan o Interim Alternative Educational Setting (IAES)

Ang pansamantalang alternatibong pang-edukasyon na tagpuan ay isang ibang lokasyon kung saan ang mga serbisyong pang-edukasyon ay ipinagkakaloob para sa isang tiyak na takdang panahon para sa mga dahilang pangdisiplina. Ang tagpuan na ito ay titiyakin ng pangkat ng IEP at kailangang piliin upang payagan ang inyong anak na magpatuloy sa pagsulong sa pangkalahatang kurikulum, kahit na nasa ibang tagpuan, at upang patuloy na makatanggap ng mga nasabing serbisyo at pagbabago kabilang naiyong mga inilarawan sa kasalukuyang IEP na pahihintulutan siya na makamit ang mga pakay ng IEP. Ang alternatibong tagpuan ay kinakailangan din na kasama ang mga serbisyo at tulong upang matugunan ang pag-uugali na naging resulta ng pagkakaalis.

Ang mga kawani ng paaralan ay maaaring alisin ang inyong anak mula sa kaniyang kasalukuyang pang-edukasyong pagkakatakda sa isang pansamantalang alternatibong pang-edukasyon na tagpuan nang walang pahintulot kung siya ay:

- ◆ Nagdadala ng isang armas sa paaralan o sa isang pagtitipon sa paaralan,
- Alam na nagmamay-ari o gumagamit ng ilegal na droga, o nagbebenta o humihiling ng pagbebenta ng isang kontroladong sustansiya, habang nasa paaralan o nasa isang pagtitipon ng paaralan, at/o
- Nagdulot ng isang malubhang pinsala sa katawan laban sa isang tao habang nasa paaralan o nasa isang pagtitipon ng paaralan.

Ang pagkakaalis sa isang pansamantalang alternatibong pang-edukasyon na tagpuan ay hindi dapat humigit sa 45 araw ng pasukan nang walang pagpapahalaga kung ang pag-uugali ay natiyak na isang pagpapakita ng kaniyang kapansanan.

Kung ikaw ay hindi sumasang-ayon sa desisyon at kahilingan ng isang pinabilis na proseso ng makatarungang paglilitis upang tutulan ang desisyon, ang inyong anak ay mananatili sa pansamantalang alternatibong pang-edukasyon na tagpuan sa panahon ng nakalawit na paglilitis maliban kung ikaw at ang paaralan sa distrito ay nagkasundo o hanggang matapos ang ibinigay na 45 araw ng pasukan. Maaaring humiling ang paaralang ng distrito ng kasunod na mga mabilisang paglilitis at mga alternatibong mga pagtatakda kung makalipas na matapos ang unang 45 araw ng pasukan ay naniniwala ang distrito na ang inyong anak ay mapanganib pa rin.

Mga Proteksyon para sa mga Estudyante na Hindi Pa Karapat-dapat para sa Natatanging Edukasyon at Kaugnay na Serbisyo

Kung natuklasan na ang inyong anak ay hindi karapat-dapat para sa natatanging edukasyon ngunit alam ng distrito na ang inyong anak ay may kapansanan bago maganapa ang pag-uugali kung saan ang pagkilos na pangdisiplina ay nakuha, maaari mong ipursigi ang parehong mga proteksyon hinggil sa disiplina na para sa isang etudyante na may kapansanan.

Ang paaralan sa distrito ay itinuturingna mayroong kaalaman sa isang kapansan:

- ◆ Ipinahiwatig mo ang mga pagkakabahal sa pamamagitan ng isang kasulatan (o sinabi kung ang isang magulang/katiwala ay hindi marunong magbasa o sumulat) na ang inyong anak ay nangangailangan ng natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo,
- ◆ Ang pag-uugali ng inyong anak o pagganap sa paaralan ay nagpapakita ng pangangailangan para sa natatanging edukasyon,
- ◆ Ikaw ay humiling ng isang pagtatasa upang tiyakin kung kinakailangan ng inyong anak ang natatanging edukasyon, o
- ◆ Isa sa mga guro ng inyong naka o ibang kawani ng distrito ay gumawa ng kahilingan para sa serbisyo ng natatanging edukasyon sa director ng natatanging edukasyon o iba pang naaangkop na kawani ng distriton.

Ang paaralan sa distrito ay hindi tinuturing na may kaalaman sa kapansanan kung:

- ◆ Hindi mo pinahintulutan ang pagtatasa sa inyong anak,
- ◆ Ikaw ay tumanggi sa mga serbisyo,
- ◆ Isang pagtatasa ang isinagawa at natiyak na ang inyong anak ay walang kapansanan, o
- ◆ Natiyak na ang isang pagtatasa ay hindi kinailangan at ipinaalam sa iyo sa pamamagitan ng isang kasulatan tungkol sa pagtitiyak.

Kung, bago kumuha ng kilos pangdisiplina laban sa isang estudyante, walang kaalaman ang lokal na distrito na ang estudyante ay isang estudyante na may kapansanan, maaaring sumailalim ang estudyante sa parehong mga pamamaraang pangdisiplina tulad nang ipinatong sa mga etudyante na walang kapansanan na nakabilang sa mga maihahambing na pag-uugali.

Ang isang pagtatasang hiniling sa panahon na ang estudyante ay sasailalim sa mga pamamaraang pangdisiplina, ay kinakailangang pamahalaan sa isang pinabilis na paraan. Gayunman, ang estudyante ay kinakailangang manatili sa isang pag-edukasyon na pagtatakda na tiniyak ng autoridad ng paaralan habang hinihintay ang mga resulta ng pagtatasa. Kung ang estudyante ay natiyak bilang isang estudyante na may kapansanan ayon sa pagtatasa, ang lokal na distrito ay kinakailangang magkaloob ng naaangkop na natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo.

Pagsasangguni sa at Pagkilos ng Nagpapatupad ng Batas at mga Awtoridad ng Hukuman

Ang mga lokal na distrito at iba pang mga ahensya ay hindi ipinagbabawal mula sa pag-uulat ng isang krimen na ginawa ng isang estudyante na may kapansanan sa naaangkop na awtoridad. Bilang karagdagan, ang nagpapatupad ng batas sa estado at mga awtoridad ng hukuman ay hindi hinahadlangan mula sa paggawa ng kanilang responsibilidad hinggil sa pagpapatong ng pederal at pang-estadong batas sa mga krimen na ginawa ng isang estudyante na may kapansanan.

Ang mga lokal na distrito o iba pang mga ahensya na nag-uulat ng krimen na ginawa ng isang estudyante na may kapansanan ay kailangang tiyakin na ang mga kopya ng natatanging edukasyon at mga record pangdisiplina ng estudyante ay ihahatid sa naaangkop na mga awtoridad para sa kanilang konsiderasyon.

PAGPASIYA SA REKLAMO

Ang mga pagkabahala hinggil sa anumang bagay na may kaugnayan sa pagkikilala, pagtatasa, o pang-edukasyon na pagtatakda ng isang estudyante o ng kondisyon ng isang libre at angkop na pampublikong edukasyon sa isang estudyante ay dapat ibaling sa lokal na paaralan sa distrito.

Maaari kang magsampa ng isang nalagdaan at nasa kasulatan na reklamo sa ISBE, na nagsasabi na ang mga karapatan ng inyong anak o ng ilang mga bata na may kapansanan ay nalabag. Ang mga sumusunod na impormasyon ay dapat makasama sa isang pormal na reklamo:

- ◆ Isang pahayag ng diumano'y (mga)paglalabag at mga katotohanan kung saan nababatay ang pahayag.
- ◆ Ang mga pangalan at address ng mga kasangkot na estudyante
- ◆ Ang lagda at ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa reklamo.
- ◆ Isang iminungkahing kasagutan sa problema.

Dapat panindigan ng reklamo na ang paglalabag na naganap ay naganap nang hindi hihigit sa isang taon bago ang petsa nang natanggap ang reklamo. Sa pagtanggap ng isang wastong reklamo, ang ISBE ay:

- ◆ Bibigyan ka ng pagkakataon na mag-sumite ng karagdagang impormasyon hinggil sa mga alegasyon.
- ◆ Magkaloob sa distrito ng pagkakataon na maghandog ng isang mungkahi upang malutas ang reklamo at maghandog na ipatupad ang magulang sa pamamagitan o mga alternatibong pamamaraan ng paglutas sa hindi pagkakaunawaan.
- ◆ Irepaso ang lahat ng mga mahahagalang impormasyon at gumawa ng pagtitiyak kung nilabag ng distrito ang hinihiling ng natatanging edukasyon.
- ◆ Magpalabas ng isang desisyon na nasa kasulatan na tumutugon sa bawat alegasyon at isinama sa mga natuklasan ang mga katotohanan at konklusyon, ang mga dahilan sa mga desisyon ng ISBE at mga utos para sa anumang mga pagwawastong pagkilos.

Ang mga pagkilos na ito ay pamamahalaan sa loob ng 60-araw na takdang panahon, hangga't ang oras na iyon ay pinahaba sa ilalim ng hindi pangkaraniwang mga pagkakataon o kung ikaw at ang distrito ay nagkasundo sa iba pang paraan ng paglutas sa hindi pagkakaunawaan, tulad ng isang pamamagitan.

Kung ang isang reklamo ay isinampa na may kasangkot na isa o higit pang mga isyu na sasailalim din sa proseso ng makatarungang paglilitis, ang mga nasabing bahagi ng reklamo ay ipagpapaliban habang hinihintay ang pagtatapos ng paglilitis. Bilang karagdagan, kung ang isang isyu ay naunang napagdesisyonan sa proseso ng makatarungang paglilitis kung saan ay kabilang ang parehong mga partido, ang desisyon mula sa paglilitis ay papairalin at ang nasabing isyu ay hindi iibestigahan sa pamamagitan ng proseso ng pagreklamo.

PAMAMAGITAN

Ang serbisyo ng Illinois para sa pamamagitan ay nilikha bilang isang paraan ng paglutas sa mga hindi pagkakasunduan hinggil sa pagiging wasto ng natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa mga bata. Maaari kang humiling ng pamamagitan kung mayroon o walang nakasuspende na proseso ng makatarungang paglilitis, ngunit ang pamamagitan ay hindi maaaring gamitin upang ipaantala o tanggihan ang proseso ng makatarungang paglilitis. Kapwa ikaw at ang paaralan sa distrito ay kailangang *boluntaryong* sumang-ayon upang lumaok sa proseso ng pamamagitan. Ang serbisyong ito ay pinangangasiwaan at pinamamahalaan ng ISBE at ay ipinagkakaloob nang walang bayad sa inyo o sa paaralan sa distrito.

Ang pamamagitan ay pamamahalaan ng isang kwalipikadong at walang kinikilingan na tagapamagitan na sinanay sa mga mabibisang pamamaraan ng pamamagitan at may kaalaman sa mga batas at tuntunin na may kaugnayan sa kondisyon ng natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo. Ang tagapamagitan ay isang walang kinikilingan na ikatlong panig at walang awtoridad na magpatupad ng anumang pagkilos sa parehong panig.

Ang bilang ng mga kalahok ay may limitasyon na tatlong tao bawat panig. Maaari kang magsama ng isang abogado, tagapagtanggol, tagasalin, at iba pang mga may kaugnayan na panig. Ang lahat ng mga talakayan na magaganap sa proseso ng pamamagitan ay kumpidensyal at hindi puwedeng gamitin bilang katibayan *sa anumang kasunod na proseso ng makatarungang paglilitis o paglilitis na sibil*.

Hindi hihilingin sa iyo na iwanan ang mga pangunahing paniniwala tungkol sa abilidad ng inyong anak habang nagaganap ang pamamagitan; ngunit ay hihilingin sa iyo na: (a) isaalang-alang ang mga alternatibo na maaaring makasama sa programa ng inyong anak, (b) makinig sa mga pagkabahala na ipinapahitig ng ikatong panig, at (c) magpakatoo tungkol sa mga kakayahan ng inyong anak at sa mga obligasyon at mapagkukunan ng inyong lokal na distrito.

Kung malutas mo ang isang hindi pagkakaunawaan sa pamamagitan ng proseso ng pamamagitan, isang kasunduan ay ilalagay sa kasulatan at lalagdaan ninyong pareho kasama ng kinatawan ng paaralan ng distrito nay mayroong awtoridad na pairalin ang nasabing kasunduan. Ang mga kasunduan sa pamamagitan ay ligal na pinapairal at pinapatupad sa anumang korte ng estado na may maaasahan na hurisdiksyon o sa isang korte ng distrito ng Estados Unidos.

Ang mga pagpupunyagi na mamagitan sa isang hindi pagkakasunduan ay hindi tatanggapin bilang katibayan sa anumang sumunod na paglilitis sa pamamahala o sibil maliban lamang sa layunin ng pagtatala ng pamamagitan na hindi naganap at ang mga tuntunin ng anumang nakasulat na (mga) kasunduan na naabot bilang isang resulta ng pamamagitan. Ang tagapamagitan ay maaaring hindi maaaring tawagin bilang isang saksi *sa anumang sumunod na paglilitis sa pangangasiwa o sibil*.

Kung nais mong humiling ng mga serbisyo ng pamamagitan o lubos na matutunan ang tungkol sa mga sistema ng pamamagitan, maaari kang makipag-ugnayan sa Dibisyon para sa Mga Serbisyo ng Natatanging Edukasyon, Illinois State Board of Education, sa 217/782-5589 o libreng toll para sa mga magulang sa 866/262-6663.

PROSESO NG MAKATARUNGANG PAGLILITIS

Paghiling ng isang Proseso ng Makatarungang Paglilitis

Bilang karagdagan sa paggamit ng isang namamagitan at mga pamamaraan ng pagreklamo sa estado, ikaw ay may karapatan din na humiling ng isang walang kinikilingan na proseso ng makatarungang paglilitis. Ang isang makatarungang paglilitis ay isang ligal na proseso kung saan ang opisyal sa paglilitis ay nangangalap ng ebidensya at pinakikinggan ang mga saksi mula sa inyo at sa paaralan sa distrito upang gumawa ng maipapairal ng batas na desisyon. Ikaw o ang paaralan sa distrito ay maaaring magsimula ng isang makatarungang paglilitis hinggil sa mungkahi ng distrito o pagtanggì na magsimula o baguhin ang pagkikilanlan, pagtatasa, o pang-edukasyon na pagtatakda ng isang estudyante o ang kondisyon ng distrito para sa isang libre at naaangkop na pampublikong edukasyon.

Isang kahilingan para sa isang paglilitis ay kailangan gawin sa pamamagitan ng isang kasulatan sa tagapamanihala ng distrito kung saan ikaw at ang inyong anak ay nakatira at kailangang kasama ang mga sumusunod na impormasyon:

- Ang pangalan at address ng estudyante;
- Ang pangalan ng paaralan na pinasukan;
- Isang paglalarawan sa uri ng problem na inyong inirereklamo na nauugnay na iminumungkahing pagsisimula o pagbabago, kabilang na ang mga katotohanan na may kaugnayan sa problema; at
- Isang iminungkahing kalutasan sa problem sa saklaw na alam at handang magamit ng magulang sa panahon na iyon.

Sa loob ng 5 araw ng pasukan na natanggap ng kahilingan para sa isang paglilitis, ang distrito ay makikipag-ugnayan sa ISBE sa pamamagitan nang may sertipikong liham na humihiling ng isang tipanan para sa isang opisyal ngwalang

kinikilingan na proseso ng makatarungang paglilitis. Isang ulirang pormularyo para sa paghiling ng isang proseso ng makatarungang paglilitis ay gagawing handa ayon na kahilingan.

Sa loob ng 5 araw ng kalendaryo nang isinampa ang inyong kahilingan sa paglilitis sa distrito, ikaw ay pinapayagan sa karapatan na magsampa ng isang pagsususog na paglilitis na maaaring masakop ang mga isyu na hindi naipahiwatig sa inyong naunang kahilingan. Pagkalipas ng 5 araw ng kalendaryo, ikaw ay papahintulutan lamang na magsampa ng isang kahilingan sa pagsususog ng paglilitis ayon sa kasunduan sa distrito, o sa awtorisasyon ng opisyal ng paglilitis. Kung ikaw ay magsampa ng isang kahilingan sa pagsususog ng paglilitis na nagtatatag ng mga isyu maliban sa mga isyu sa inyong naunang kahilingan sa paglilitis, ikaw ay hihingan na simulan muli ang lahat ng mga itinakdang panahon sa paglilitis at maaaring kumpletuhin ang mga bagong sesyon para sa kalutasan at ang mga komperensya bago magsimula ang paglilitis (tingnan sa ibaba).

Mga Pagpupulong sa Paglutas

Bago isagawa ang walang kinikilingan na makatarungang paglilitis, magtitipon ang distrito ng isang pagpupulong na kabilang ka at ang mga may kaugnayang miyembro ng Pangkat ng IEP na mayroong tiyak na kaalaman tungkol sa mga katotohanan na nakilala sa kahilingan para sa makatarungang paglilitis. Ang layunin ng pagpupulong sa paglutas ay para talakayin mo ang iyong kahilingan para sa paglilitis at ang mga katotohanan na bumubuo sa batayan ng kahilingan upang ang paaralan sa distrito ay magkaroon ng pagkakataon na malutas ang hindi pagkakaunawaan.

Ang pagpupulong sa paglutas ay:

- Pamamahalaan sa loob ng 15 araw nang pagkakatanggap sa paunawa ng distrito para sa kahilingan ng isang makatarungang paglilitis.
- May makakasamang kinatawan ng distrito na mayroong kapangyarihan na pagbibigay ng desisyon;
- Hindi makakasama ang abogado ng distrito hanggat ikaw din ay sinasamahan ng isang abogado;
- Pahihintulutan ka na talakayin ang iyong kahilingan para sa proseso ng makatarungang paglilitis.

Ikaw at ang distrito ay maaaring kapwa magsakundo sa pamamagitan ng isang kasulatan upang ipaubaya ang pagpupulong ng paglutas o magkasundo na nasa kasulatan upang gamitin ang proseso ng pamamagitan tulad nang inilahad na itaas. Mangyari lamang tandaan na maaari kang gumamit ng mga namamagitan sa mas huling petsa kung ang sesyon ng paglutas ay napatunayang hindi mabisa.

Kung may naabot na kalutasan, ang mga partido ay dapat gumawa ng isang ligal na mapapairal na kasunduan na nalagdaan mo at ng kinatawan ng distrito na mayroong awtoridad sa pagpapairal sa distrito. Ang nalagdaang kasunduan ay karaniwang napapatupad sa anumang korte ng Estado na may maaasahan na hurisdiksyon o sa isang korte ng distrito ng Estados Unidos. Gayunman, ang kahit isa sa dalawang panig ay maaaring pawalang bisa ang kasunduan sa loob ng tatlong (3) araw ng trabaho nang malagdaan ang kasunduan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng paunawa ng tangka na pawalang bisa ang kasunduan gamit ang isang kasulatan sa ibang panig.

Kung ang paaralan sa distrito ay hindi nalutas ang kahilingan para sa proseso ng makatarungang paglilitis ayon sa iyong kasiyahan sa loob ng tatlong (30) araw nang matanggap ang kahilingan, ang proseso ng makatarungang paglilitis ay magpapatuloy. Ang takdang panahon para sa proseso ng makatarungang paglilitis ay mag-uumpisa sa pagtatapos ng 30 araw na pahon.

Maliban lamang kung saan ikaw at ang paaralan sa distrito ay magkasamang nagkasundo na ipaubaya ang pagpupulong ng paglutas o gumamit ng isang namamagitan at kung saan mo isinampa ang kahilingan para sa proseso ng makatarungang paglilitis, ang iyong pagkabigo na makisali sa pagpupulong ng paglutas ay patatagalin lamang ang takdang panahon para sa proseso ng paglutas at proseso sa makatarungang paglilitis hanggat maganap ang pagpulong. Sa mga bihirang pagkakataon, ang isang opsiyal sa paglilitis ay maaaring ipatiwalag ang inyong kahilingan ng isang paglilitis kung natiyak na sadyan mong hindlang ang abilidad ng distrito na mamahala ng isang sesyong panglutas.

Paghirang ng isang Walang Kinikilingan na Opisyal para sa Proseso ng Makatarungang Paglilitis

Isang walang kinikilingang opisyal sa paglilitis ay ihihirang ng ISBE upang mamahala sa paglilitis. Ang opisyal sa paglilitis ay hindi maaaring isang empleyado na anumang ahensya na may kaugnayan sa edukasyon o pag-aalaga ng inyong anak at hindi puwedeng mayroong personal o propesyonal na interes na maaaring makasalungat sa layunin ng paglilitis.

Isang panig sa proseso sa makatarungang paglilitis ang pahihintulutan ng isang pagpapalit ng opisyal sa paglilitis bilang isang karapatan. Ang paghiling para sa isang pamalit na opisyal sa paglilitis ay kinakailangang gawin sa isang kasulatan sa ISBE sa loob ng 5 araw pagkatapos mo matanggap ang paunawa ng paghirang sa opisyal sa paglilitis. Sa pagkakataon na ikaw at ang distrito ay nagsumite ng mga kasulatan sa paghiling sa parehong araw at ang mga ito ay natanggap nang magkasunod, isasaalang-alang ng ISBE ang pamamalit bilang naging kahilingan ng panig na unang humiling sa paglilitis. Ang karapatan ng kabilang panig para sa pamamanit ay ganap na poprotektahan. Kapag ang isang panig sa paglilitis ay nagsumite ng wastong kahilingan para sa pamamalit, ang ISBE ay pipili at maghihirang ng iba pang opisyal sa paglilitis ng random sa loob ng 3 araw.

Kapag ang nahirang na opisyal sa paglilitis ay hindi maaaring makadalo o itiniwalag ang kaniyang sarili bago maipaalam sa mga panig ang ukol sa kaniyang pagkakahirang, maghihirang ang ISBE ng bagong opisyal sa paglilitis.

Komperensya Bago Magsimula ang Paglilitis

Kung ikaw at ang distrito ay hindi makaabot sa isang kasunduan sa pamamagitan ng proseso ng paglutas, itutuloy ang mga kahilingan para sa proseso ng makatarungang paglilitis. Hanggat isang mapapahintulutang pagpapahaba ng panahon ay na-aprobahan ng opisyal sa paglilitis, ang desisyon sa paglilitis ay kinakailangang ibigay sa loob ng 45 araw pagkatapos na masara ang proseso ng sesyon sa paglutas tulad nang inilarawan sa itaas. Bago pamahalaan ang paglilitis, ang opisyal sa paglilitis ay kailangang mamahala ng komperensya bago magsimula ang paglilitis sa mga panig.

Sa loob ng 5 araw pagkatapos matanggap ang nakasulat na puanawa ng ISBE, ang nahirang na opisyal sa paglilitis ay kinakailangang makipag-ugnayan sa mga panig upang matikay ang oras at lugar na pagtitipunan ng komperensya bago magsimula ang paglilitis. Ang komperensya bago magsimula ang paglilitis ay maaaring pamahalaan sa pamamagitan ng telepono o personal mismo sa diskresyon ng opisyal ng paglilitis na nakipag-konsulta sa inyo at sa distrito. Sa komperensya bago magsimula ang paglilitis, ikaw, at pati na rin ang distrito, ay inaasahang magpahayag ng mga sumusunod:

- 1) Ang mga isyu ay pinaniniwalaan na pinag-aalitan sa paglilitis.
- 2) Ang mga saksi na maaaring tawagin sa paglilitis;
- 3) Ang listahan ng mga dokumento na maaaring isumite sa kasalukuyang kaso sa paglilitis.

Mangyari lamang tandaan na kung magpahayag ka ng mga isyu sa komperensya bago magsimula ang paglilitis na hindi kasama na inyong kahilingan ng paglilitis, maaaring hilingin sa inyon na magsumite ng isang kahilingan para sa pagsususog ng paglilitis at kumpletuhin ang isang bagong sesyon ng paglutas at komperensya bago magsimula ang paglilitis sa isang sumunod na petsa. Ang isang kahilingan sa pagsususog ng paglilitis ay maaari din magresulta sa pagkakaantala ng paglilitis. (Basahin sa itaas, "Paghiling ng Proseso ng Makatarungang Paglilitis".)

Sa pagtatapos ng komperensya bago magsimula ang paglilitis, ang opisyal sa paglilitis ay kinakailangang maghanda ng isang ulat ng komperensya at ipasok ito sa talaan ng paglilitis. Kinakailangang makasama sa ulat, ngunit hindi limitado sa:

- ◆ Mga isyu, ang pagkakaayos ng pagtatangjal, at anumang pagtatakda ng tipanan para sa tulong na maaaring nagawa para sa mga panig o saksi;
- ◆ Isang pagtitiyak ng kaugnayan at pagiging wasto ng mga dokumento o saksi, kung ipinaalam ng partido o opisyal ng paglilitis; at

- ◆ Isang listahan ng natadhanang (o napagkasunduan) mga katotohanan tulad nang tinalakay habang isinasagawa ang komperensya bago magsimula ang paglilitis.

Mga Karapatan Bago ang Paglilitis

Ikaw ay may karapatan na:

- Samahan at payuhan ng isang mananaggol at mga indibiduwal na may natatanging kaalaman ayon sa mga problema ng mga estudyante na may kapansanan;
- Suriin ang repasuhin ang lahat ng mga rekord ng paaralan na may kaugnayan sa estudyante at magkaroon ng mga kopya ng anumang nasabing mga rekord;
- Magkaroon ng paraang makuha ang listahan ng distrito ng mga independyenteng mga tagatasa at makakuha ng isang independyenteng pagtatasa sa estudyante na babayaran mo nang mag-isa;
- Mapayuhan nang halos 5 araw bago maganap ang paglilitis hinggil sa anumang katibayan na ipakikita;
- Pilitin ang pagdalo ang sinumang empleyado ng lokal na paaralan sa distrito sa paglilitis, o sinumang maaaring may impormasyon na may kaugnayan sa mga pangangailangan, abilidad, iminungkahing programa, o katayuan ng estudyante;
- Humiling ng isang tagasalin na magagamit habang ginaganap ang paglilitis;
- Panatiliin ang pagtatakda at katayuan ng pagiging karapat-dapat ng estudyante hanggat matapos ang lahat ng mga paglilitis sa pangangasiwa at hukuman; at
- Humiling ng isang pinabilis na paglilitis upang baguhin ang pagkakatakda sa inyong anak o kung hindi ka sumasang-ayon sa pagtitiyak ng pagpapakita ng distrito o ang pag-alis ng distrito sa estudyante sa isang pansamantalang alternatibong pang-edukasyon na tagpuan.

Mga Kaparatan Habang Nagaganap ang Paglilitis

Ikaw ay may karapatan na:

- Magkaroon ng makatarungan, walang kinikilingan, at maayos na paglilitis;
- Magkaroon ng pagkakataon na ipakita ang katibayan, saksi, at mga argumento na kinakailangan upang suportahan at/o linawin ang isyu na pinagtatalunan;
- Isara ang paglilitis sa publiko;
- Dumalo ang inyong anak sa paglilitis;
- Harapin at tanungin ang mga saksi; at
- Pagbawalan ang pagpapakilala ng katibayan na hindi ipinahayag nang halos 5 araw bago maganap ang paglilitis.

Ang Paglilitis

Ang ISBE at ang opisyal sa paglilitis ay kinakailangang tiyakin na ang paglilitis ay gaganapin sa loob ng 45 araw pagkatapos matanggap ang kahilingan para sa paglilitis, maliban lamang kung ang opisyal sa paglilitis ay nagkaloob ng tiyak na pagpapahaban ng panahon ayon sa kahilingan ng isa sa mga panig. Sa loob ng 10 araw makalipas na matapos ang paglilitis, ang opisyal sa paglilitis ay kinakailangang mag-isyu ng isang nakasulat na desisyon na nagtatakda ng mga isyu na pinagtatalunan, mga natuklasan na katotohanan batay sa mga katibayan at saksi na ipinakita, at ang mga konklusyon ng opisyal sa paglilitis ukol sa batas at kautusan. Ang opisyal sa paglilitis ay kinakailang gumawa ng pagtitiyak tungkol sa lahat ng mga isyu na naipahiwatig sa kahilingan ng paglilitis (maliban lamangkung napagkasunduan ng mga panig ang mga ito bago maganap ang paglilitis) pati na rin ang kabuuang pagtitiyak kung nagkaloob ang distrito sa estudyante ng libre at naaangkop na pampublikong edukasyon batay sa mga katotohanan sa kaso.

Mga Pinabilis na Paglilitis

Tulad nang inilarawan sa itaas (basahin ang "Disiplina sa mga Estudyante na May Kapansanan"), ang isang pinabilis na paglilitis ay maaaring hilingin kapag ikaw ay may pagtatalo tungkol sa desisyon ng distrito na alisin ang inyong anak mula sa kasalukuyang pang-edukasyon na pagkakatakdang sanhi ng mga isyung pangdisiplina. Ang mga pinabilis na paglilitis ay maraming mga pagkakapareho sa, ngunit ilang mga pangunahing pagkakaiba mula sa, karaniwang proseso ng makatarungang paglilitis. Ang pangunahing pagkakaiba sa karaniwang makatarungang paglilitis ay ang mga sumusunod:

- Ang sesyon ng paglutas ay kinakailangang ipagtipon sa loob ng pitong (7) araw ng kalendaryo makalipas na isampa ang kahilingan para sa pinabilis na paglilitis;
- Kailangang pangasiwaan ang paglilitis sa loob ng 20 araw ng pasukan nang isampa ang kahilingan sa paglilitis;
- Ang desisyon sa paglilitis ay kailangan ipagkaloob sa loob ng 10 araw ng pasukan bago isara ang paglilitis;
- Walang pamamalit sa nahirang na opisyal sa paglilitis ang maaaring hilingin.

Kahilingan para sa Paglilinaw:

Pagkatapos na magpalabas ng isang desisyon, ang opisyal sa paglilitis ay pananatiliin ang hurisdiksyon sa kaso para sa nag-iisang layunin ng pagsasaalang-alang ng kahilingan para sa dalawang panig para sa paglilinaw ng huling desisyon. Maaari kang humiling ng isang paglilinaw ukol sa panghuling desisyon, sa pamamagitan ng pag-sumite ng kahilingan na kasulatan sa opisyal sa paglilitis sa loob ng 5 araw pagkatapos matanggap ang desisyon. Ang kahilingan sa paglilinaw ay kailangang tiyakin ang mga bahagi ng desisyon kung saan ikaw ay humihingi ng kalinawan. Isang kopya ang kailangan ipadala sa pamamagitan ng koreo sa lahat ng mga panig na kasangkot sa paglilitis at sa ISBE. Ang opisyal sa paglilitis ay kailangan mag-isyu ng paglilinaw sa natukoy na bahagi ng desisyon o mag-isyu ng pagkakaila ng kahilingan sa isang kasulatan sa loob ng 10 araw nang matanggap ang kahilingan.

Pag-aapela ng Desisyon

Kasunod ng proseso ng makatarungang paglilitis, ang panig na hindi nasiyahan na huling utos ng opisyal sa paglilitis ay may karapatan na magpasimula ng sibil na pagkilos. Ang sibil na pagkilos ay maaring dalhin sa anumang korte ng Estado na may maaasahang hurisdiksyon, o sa isang Korte ng Distrito ng Estados Unidos sa loob ng 120 araw pagkatapos na maipadala sa koreo ang kopya ng desisyon sa mga panig. Ang mga pamamaraan sa pagsasampa ng nasabing mga pagkilos ay handang makuha mula sa tanggapan ng klerk ng korte kung saan ang pagsampa ay isinagawa.

Lugar ng Pagtatakda

Habang hinihintay ang proseso ng makatarungang paglilitis o anumang panghukom na paglilitis, ang inyong anak ay kailangang manatili sa kaniyang kasalukuyang pang-edukasyon na pagtatakda na may katayuan sa pagiging karapat-dapat at natatanging edukasyon at kaugnay na mga serbisyo na ipinagkaloob sa panahon nang isinampa ang kahilingan sa paglilitis. Gayunman, kung binago ng distrito ang pagkakatakdang bilang kasagutan sa insidenteng pangdisiplina at ang pagtatakda na ito ay sumasailalim sa pinabilis na paglilitis, ang bagong pagtatakda ng distrito ay pananatiliin na hindi tapos sa panghuling desisyon na pinabilis na paglilitis. (Mangyaring basahin sa itaas, "Disiplina ng mga Estudyante na May Kapansanan")

Gantimpala ng mga Singil sa Abogado

Sa anumang pagkilos o paglilitis na inilabas sa ilalim ng Batas hinggil sa Edukasyon sa mga Indibiduwal na May Kapansanan, ang korte na may maaasahang hurisdiksyon ay maaaring maggantimpala ng makatuwirang singil sa abogado. Ang mga singil sa abogado ay mga singil na naipon ng inyong abogado (hindi kasama rito ang walang lisensya na tagapagtanggol o ibang kinatawan na hindi abogado) bilang koneksyon sa kaniyang pangangatawan sa inyong mga interes sa mga proseso ng makatarungang paglilitis. Maaaring maggantimpala ang korte ng nasabing mga singil:

- Sa magulang o katiwala ng estudyante na may kapansanan sa nangingibabaw na panig;
- Sa nangingibabaw na panig na isang ahensyang pang-edukasyon ng Estado o distrito na laban sa abogado ng isang magulang na nagsampa ng isang reklamo o kasunod na kaso ng pagkilos na walang gaanong halaga, hindi makatuwiran, o walang batayan;
- Sa isang nangingibabawa na ahensyang pang-edukasyon ng Estado o distrito na laban sa abogado ng isang magulang, o laban sa isang magulang, kung ang reklamo ng magulang o ang kasunod na sanhi ng pagkilos ay hindi kinatawan para sa anumang maling layunin, tulad ng pagliligalig (harass), upang maging sanhi ng hindi inaasahang pagkaantala o hindi kinakailangan na taasan ang singil para sa litigasyon.

Ang mga singil na igagantimpala ay mababatay sa mga singil na nangingibabaw sa komunidad kung saan ang pagkilos o paglilitis na lumitaw mula sa uri at kalidad ng mga serbisyong ipinagkaloob. Ang mga singil sa abogado ay maaaring bawasan ng korte ayon sa bilang ng mga elemento kasama na ang hindi makatuwirang pagbabago ng mga singil, hindi kinakailangang pinahabang mga paglilitis, o ang pagkakaroon ng pagsasaayos na kasunduan sa pagitan ng mga panig. Ikaw ay pinipilit na talakayin ang mga bagay na ito sa inyong abogado.

PANG-EDUKASYON NA MGA PANGALAWANG MAGULANG

Ang lokal na paaralan sa distrito ay dapat gumawa ng makatuwirang mga pagsubok na makipag-ugnayan sa magulang ng isang bata na isinangguni para sa, o may pangangailangan ng, natatanging edukasyon at mga kaugnay na serbisyo. Kung ang magulang ay hindi makilala o mahanap o ang bata ay isang ward ng estado na naninirahan sa isang pasilidad, ang pang-edukasyon na pangalawang magulang ay dapat ihirang ng ISBE upang tiyakin na ang mga karapatang pang-edukasyon ng bata ay napoprotektahan. Kung ang bata ay isang ward ng bata, ang pangalawang magulang ay maaaring salit-salit na ihirang ng hukom na nangangasiwa sa pangangalaga ng bata. Sa kaso ng isang nag-iisa at walang tirahan na estudyante, ang distrito ay maghihirang ng isang pangalawang magulang. Ang bata na nakatira sa isang bahay kanlungan o kaugnay na tagapag-alaga na lugar ay hindi nangangailangan ng paghihirang ng isang pang-edukasyon na pangalawang magulang. Ang pangalawang magulang o kamag-anak na tagapag-alaga ay kakatawan sa mga pang-edukasyon na pangangailangan ng bawat bata na nailagay sa kaniyang tahanan.

Kung hinirang ka ng inyong paaralan na maging isang pangalawang magulang, ang lahat ng mga karapatan na ipinaliwanag sa dokumentong ito ay para sa iyo. Maaaring hindi ka empleyado ng isang pampublikong ahensya na kabilang sa edukasyon o pag-aalaga ng bata, dapat ay walang pagkakasalungat ng interes sa bata, at kailangan ay may kaalaman at kakayahan na kinakailangan upang tiyakin ang angkop na pangangatawan sa bata. Kung ikaw ay isang empleyado ng pasilidad na tirahan, ikaw ay maaaring mapili bilang isang pang-edukasyon na pangalawang magulang para sa bata na nakatira sa pasilidad na iyon kung ang pasilidad ay nagkaloob ng hindi pang-edukasyon na pag-aalaga para sa bata.

Bilang isang pang-edukasyon na pangalawang magulang, ikaw ay maaaring kumatawan sa bata sa lahat ng mga bagay na ugnay sa pagkakakilala, pagtatasa, pang-edukasyon na pagtatakda at ang kondisyon ng isang libre at angkop na pampublikong edukasyon.

MGA PANG-EDUKASYON NA REKORD

Ang lokal na distrito ay may responsibilidad na protektahan ang pagiging kompidensiyal ng pang-edukasyon na rekord ng inyong anak. Bilang isang magulang, ikaw ay may karapatan na suriin at repasuhin ang anumang mga pang-edukasyon na rekord na ugnay sa inyong anak na nangalap, napanatili o nagamit ng distrito. Ang distrito ay susunod sa kahilingan na repasuhin ang pang-edukasyon na rekord nang walang hindi kinakailangang na pagkakaantala at bago maganap ang anumang pagpupulong na may kaugnayan sa pagkakakilala, pagtatasa, o pagtatakda ng estudyante at, hindi sa anumang kaso, hihigit sa 15 araw ng pasukan pagkatapos na nagawa ang kahilingan. Ang karapatan na suriin ang repasuhin ang pang-edukasyon na rekord ay kabilang ang:

- Ang karapatan ng isang kasagutan mula sa paaralan sa distrito para sa mga makatuwirang mga hiling para sa mga pagpapaluwanag at pagkakaintindi ng mga rekord;
- Ang karapatan na magkaroon ng sariling kinatawan upang mag-suri at mag-repaso ng mga rekord; at
- Ang karapatan na hilingin na magkaloob ang paaralan sa distrito ng mga kopya ng pang-edukasyon na rekord kung ang pagkabigo na maipagkaloob ang mga kopyang ito ay tunay na makakahadlang sa inyon mula sa paggamit ng inyong karapatan upang mag-suri at mag-repaso ng mga rekord sa lokasyon kung saan sila karaniwang itinatabi.

Maaaring ipalagay ng lokal na paaralan sa distrito na ikaw ay may awtoridad na mag-suri at mag-repaso ng mga rekord na may kaugnayan sa inyong anak maliban lamang kung ang paaralan sa distrito ay pinayuhan na wala kang awtoridad sa ilalim ng ipinapatupad na batas ng estado na namumuno sa mga nasabing bagay tulad ng pag-aaruga, paghihiwalay at diborsyo.

Kung anumang rekord ng edukasyon ay kasama ang impormasyon ng higit sa isang estudyante, ikaw ay papahintulutan na repasuhin lamang ang impormasyon na may kaugnayan sa inyong anak o ipaalam sa inyo ang tiyak ng impormasyong iyon.

Ang lokal na paaralan sa distrito ay dapat magkaloob sa inyo, batay sa kahilingan, isang listahan ng mga uri at lokasyon ng mga pang-edukasyon na rekord na natipon, napanatili o ginamit ng distrito.

Mga Singil sa Paghahanap, Pagkuha muli, at Pagkopya ng mga Rekord

Ang lokal ng paaralan sa distrito ay maaaring hindi singilin ang bayad para sa paghahanap o pagkuha muli ng impormasyon. Gayunman, ang lokal na paaralan sa distrito ay maaaring sumingil ng bayad ng hindi hihigit sa \$.35 bawat pahina ng rekord na nakopta kung ang singil ay hindi ka tunay na nahahadlangan mula sa paggamit ng inyong karapatan na suriin at repasuhin ang mga rekord na iyon.

Rekord ng Paggamit

Ang distrito ay maaari lamang magpalabas ng impormasyon na mayroong pahintulot mo maliban kung pahintulutan ng batas ng estado o pederal. Ang lokal na paaralan sa distrito ay kailangang magtabi ng rekord ng mga panig na nagkaroon ng paraan na magamit ang mga pang-edukasyon na rekord na natipon, napanatili o nagamit (maliban lamang ang mga magulang at mga awtorisadong empleyado ng lokal na distrito), kasama na ang pangalan ng panig, ang petsa nang pinyagang gamitin ito, at ang layunin kung saan ang panig ay binigyan ng awtorisasyon na gamitin ang mga rekord.

Pagsususog ng mga Record ayon sa Kahilingan ng Magulang

Kung ikaw ay naniniwala na ang rekord ng inyong anak ay hindi wasto o nakakapanlinlang o lumalabag sa mga karapatan ng inyong anak, maaari mong hilingin sa paaralan sa distrito na isusog ang rekord. Kailangang magdesisyon ang lokal na paaralan sa distrito kung isusog ang impormasyon sa loob ng 15 araw ng pasukan sa paaralan mula sa petsa nang matanggap ang inyong kahilingan. Kung tumanggi ang distrito na isusog ang impormasyon ayon sa kahilingan, kailang itong ipaalam sa inyo ang pagtanggap at ipaalam sa inyo ang inyong mga karapatan sa mga rekord ng paglilitis ayon sa nakasulat sa ibaba.

Ang paaralan sa distrito ay dapat, ayon sa kahilingan, magkaloob sa inyo ng isang oportunidad para sa pagdinig ng mga rekord upang hamunin ang impormasyon ng mga rekord ng iyong anak. Hindi ito isang proseso ng makatarungang paglilitis at hindi gaganapin sa harap ng isang opisyal sa paglilitis na hinirang ng ISBE, ngunit isang pagdinig na gaganapin sa isang lokal na antas.

Kung, bilan gisang resulta ng pagdinig sa mga rekord, napagdesisyunan na ang impormasyon ay hindi wasto, nakakapanlinlang o nakakalabag sa karapatan ng inyong anak, ang paaralan sa distrito ay dapat isusod ang impormasyon at ipaalam sa inyong sa pamamagitan ng kasulatan na ito ay nagawa.

Kung, bilang isang resulta ng pagdinig ng mga rekord, napagdesisyunan na ang impormasyon ay hindi wasto, nakakapanlinlang o lumalabag sa karapatan ng inyong anak, ang paaralan sa distrito ay kailangang ipaalam sa inyo ang inyong mga karapatan upang magbigay ng pahayag na pumupuna sa impormasyon o pagtatakda ng anumang mga dahilan para sa hindi pagsasang-ayon sa desisyon ng paaralan sa distrito. Anumang paliwanag na inilagay sa mga rekord ng inyong anak ay kailangang panatiliin ng paaralan sa distrito bilang bahagi ng mga rekord ng inyong anak sa buong panahon na ang rekord o ang nilalabanang bahagi ay pinananatili ng paaralan sa distrito. Kung ang mga rekord ay ipinahiwatig ng distrito sa anumang panig, kailangan din ipahayag paliwanag para dito.

PAGLILIPAT NG MGA KARAPATAN NG MAGULANG

Sa edad na 18 taong gulang, ang inyong anak ay magiging isang adulto na estudyante. Ang karapatan ng magulang na tinatalakay sa dokumentong ito ay ililipat sa kaniya sa panahong iyon, maliban lamang kung ipaalam ng paaralan sa distrito ang ibang paraan. Ibabahagi mo ang karapatan na makatanggap ng lahat ng mga kinakailangang naunang nakasulat na paunawa at ipagkakaloob ng paaralan ang mga paunawang ito sa inyo at sa inyong anak.

Bago o pagsapit ng ika-17 taong kaarawan ng inyong anak, kailangang isama ng IEP ang isang pahayag na ikaw at ang inyong anak ay ipinaalam na ang mga karapatang ito ay ililipat sa ika-18 taong gulang na kaarawan. Bilang karagdagan, sa pagpupulong na ito ay makatanggap ka ng isang *Pagpapakatawan sa mga Karapatan sa Pagsasagawa ng mga Pang-edukasyon na Desisyon* na pormularyo.

Maaaring magdesisyon ang inyong anak na gamitin ang pormularyong ito upang atasan ikaw o ang iba pang indibiduwal na maging kinatawan para sa kaniya sa mga pang-edukasyon na interes sa kaniyang pagsapit sa mayor de edad. Ang pormularyong ito ay kailangang ipakita sa lokal na paaralan sa distrito.

Ang pormularyo para sa Pagpapakatawan ng mga Karapatan ay dapat kilalanin ang indibiduwal na inatasan na kumatawan sa pang-edukasyon na karapatan ng inyong anak at kasama ang parehong lagda ng indibiduwa pati na rin ang lagda ng bata (o sa ibang paraan, tulad ng audio o video na format na katugma sa kaniyang kapansanan). Maaaring tapusin ng iyong anak ang Pagpapakatawan ng mga Karapatan sa anumang oras at simulan ang paggawa ng kaniyang sariling mga pang-edukasyon na desisyon. Ang Pagpapakatawan ng mga Karapatan ay mananatiling ipinatutupad sa loob ng isang taon makalipas itong malagdaan at maaaring baguhin taun-taon.

Ang pahayag ng mga karapatan ng magulang ay binuo ng United States Department of Education, Tanggapan ng mga Programa para sa Natatanging Edukasyon, at binago ng Illinois State board of Education (ISBE) upang sumunod sa mga tuntunin ng Illinois.

Ang mga nabigyan muli ng awtorisasyon na Batas hinggil sa Edukasyon ng Mga Indibiduwal na May Kapansanan ng 2004 (IDEA 2004) ay nilagdaan upang maging isang batas noong Disyembre 3, 2004. Ang mga kondisyon ng batas ay nagkabisa noong Hulyo 1, 2005. Ipinagkaloob ng Illinois State Board of Education (ISBE) itong Paunawa ng mga Patakarang Pananggalang upang ipaalam sa inyon ang inyong mga karapatan sa ilalim ng mga pagbabago sa batas na pederal.

**PAHAYAG NA PATAKARAN
HINDI MAHIGPIT NA KAPALIGIRAN
ILLINOIS STATE BOARD OF EDUCATION**

PEBRERO 2000

Pangako ng Lupon ng Edukasyon ng Estado

Ang Illinois State Board of Education ("ISBE") ay pinapayagan at ginagamit ang patakaran na ito sa isang Hindi Mahigpit na Kapaligiran o Least Restrictive Environment ("LRE") upang tiyakin na natutugunan nito ang mga kahilingan ng Batas hinggil sa Edukasyon ng mga Indibiduwal na May Kapansanan ng 1997 ("IDEA" 97) at ang mga kaugnay na regulasyon, 34 C.F.R. §300.550-330.556. Titiyakin ng ISBE, tulad ng hinihiling ng mga batas, tuntunin at regulasyon ng pederal na ang Estado ng Illinois ay nagpapatupad ng angkop na LRE na patakaran at mga kaugnay na tuntunin at regulasyon. Ang ISBE ay magkakaloob ng aktibo at nakikitang pamumuno upang tiyakin na ang lahat ng mga pampubliko at pribadong institusyon ay pasilidad sa pag-aalaga sa ilalim ng Lupon ng Estado ay namamahala at may hurisdikasyon na alam at ginagamit ng mga kasapi sa LRE.

Pagtatakda sa Hindi Mahigpit na Kapaligiran

Hinihiling ng LRE na, sa pinakamahasag na sakop na naaangkop, ang mga estudyante na may kapansanan na may edad na 3 hanggang 21 taong gulang, nasa pampubliko o pribadong institusyon o iba pang pasilidad sa pag-aalaga, ay tinuturuan nang may mga bata na walang kapansanan [34 C.F.R. §300.550 (b)(1)]. Babantayan ng ISBE ang mga programa at institusyon na nagsisilbi sa mga estudyante na may kapansanan upang tiyakin na ang unang opsyon na itinuring sa pagtatakda ay isang karaniwang kapaligiran ng edukasyon, gamit ang dagdag na mga tulong at serbisyong kinakailangan. Ang mga natatanging klase, nakahiwalay na paaralan, o iba pang pagkakatakda kung saan ang mga estudyante na may kapansanan ay inalis mula sa karaniwang kapaligiran ng edukasyon ay dapat maganap lamang kung ang pangkat ng Ayon sa Indibiduwal na Programang Pang-edukasyong ("IEP") ng indibiduwal ay natitiyak na ang likas o kabigatan ng kapansanan ay ganoon sa edukasyon sa isang karaniwang kapaligiran sa silid aralan, kahit na gumagamit ng mga karagdagang tulong at serbisyo, ay hindi maaabot ng husto.

Patuloy na mga Alternatibong mga Pagtatakda

Ang bawat responsableng pampubliko o pribadong ahensya ay dapat magkaloob ng mga kasiguruhan sa ISBE na isang patuloy na alternatibong pagtatakda ay handa upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga estudyante na may kapansanan at tiyakin na ang mga estudyanteng iyon ay makakatanggap ng natatanging edukasyon na kaugnay sa mga serbisyo angkop sa kanilang pangangailangan. Ang patuloy na alternatibong pagtatakda ay dapat kabilang ang tagubilin ng mga regular na klase, mga espesyal na klase, mga natatanging paaralan, pagtuturo sa tahanan at tagubilin sa mga ospital at institusyon at kailangang magkaloob para sa karagdagang mga serbisyo. Ang pangkat ng IEP ay dapat ibatay ang desisyon nito sa pagtatakda ayon sa mga nakilalang pangangailangan ng bawat estudyante na may kapansanan. Kailangang muna kilalanin ng pangkat kung paano at kung ang mga pangangailang ng indibiduwal ay matatamo sa isang regular na edukasyon sa silid aralan nang may mga indibiduwal na suporta at tulong. Kailangang nitong mapatunayan ang isang mas mahigpit na opsyon ayon sa mga kondisyon ng LRE at mga pangangailangan ng estudyante.

Mga Pagtatakda

Ang bawat pampubliko o naaangkop na pribadong ahensya na nagtitiyak ng mga pang-edukasyon na pagtataksa para sa mga estudyante na may kapansanan ay dapat tiyakin sa ISBE na:

1. Ang mga pagtatakda ay batay sa mga nakilalang pangangailangan ng mga indibiduwal na estudyante na may kapansanan tulad nang na-dokumento ng kanilang mga IEP at naisaalang-alang lamang pagkatapos na ang mga pakay at layunin ay natiyak.

2. Ang mga desisyon tungkol sa pagtatakda ng mga estudyante na may kapansanan ay gagawin ng isang grupo ng mga tao , kasama ang mga magulang at ibang taong may kaalaman tungkol sabata, na magrerepaso at magtatasa ng mga may kaugnayang data at ituturing ang mga angkop ng opsyon sa pagtatakda sa bawat tiyak na pangangailang nakilala para sa bata.
3. Ang mga desisyon sa pagtatakda na umaalinsunod sa mga kondisyon ng LRE ay sumasangguni sa mga batas ng estado at pederal, mga tuntunin at kaugnay na regulasyon.
4. Ang pagtatakda ng mga estudyante na may kapansanan ay natitiyak taun-taon.
5. Ang mga pagtatakda ay matatagpuang malapit sa tirahan ng estudyante hanggat maaari. Ang unang konsiderasyon ay ibinibigay sa paaralan na papasukan ng estudyante kung walang kapansanan at iba pang pagtatakda ay isasaalang-alang lamang kung ang pangkat ng IEP ay natiyak na ang pangangailangan ng estudyante ay humihiling ng ibang lokasyon upang tiyakin ang isang libre at naaangkop na pampublikong edukasyon sa hindi mahigpit na kapaligiran.
6. Ang ganap na pagtatakda ng isang estudyante na may kapansanan sa pangkalahatang edukasyon na kapaligiran ay hindi naaangkop kung saan ang estudyante, sakabila ng mga kondisyon ng mga dagdag na tulong at serbisyo, ay lubos na hindi nasisiyahan sa lahat o isang bahagi ng pangkalahatang edukasyon na kapaligiran na tunay na hinahadlangang ang edukasyon sa ibang mga estudyante.
7. Ang mga estudyante na may kapansanan ay hindi dapat alisin mula sa pagkakatakda sa isang edad na naaangkop para sa regular na silid aralan lamang dahil ang mga pagbabago o suporta o mga serbisyo ay maaaring kailanganin sa pangkalahatang edukasyon na kurikulum o para sa kaginhawahan ng administrasyon.
8. Sa pinakasukdulang sakop na maaari, ang mga estudyante na may kapansanan ay nakakabilang sa regular na edukasyon na kurikulum. Kailangang ay kasama sa IEP ang isang pahayag hinggil sa epekto ng kapansanan ng bata sa kaniyang pag-unlad at pagkakabilang sa pangkalahatang edukasyon na kurikulum.
9. Nakalahad sa IEP ng bawat estudyante na kung lalahok ang estudyante sa mga pagtatasa ng estado at/o panlokal, sa kabuuan man nito o bahagi lamang, at kung may anumang pagbabago o pagtulong ay naaangkop at kina kailangan. Kung ang estudyante na may kapansanan ay hindi nakabilang mula sa mga pagtatasa na ito, ang pangkat ng IEP ay ipapaliwanag kung anong alternatibong pamamaraan ng pagtatasa ang gagamitin at kung paano gagamitin ang mga punto at paano ito iuulat (34 C.F.R. §300.138-300.139).

Hindi Pang-akademyang Kapaligiran

Ginagamit din ang kautusan ng LRE sa mga hindi pang-akademya sa serbisyo at panlabas ng paaralan na aktibidad. Ang mga paaralan sa distrito at iba pang mga ahensya na nagsisilbi sa mga estudyante na may kapansanan ay kailangang tiyakin na ang mga estudyante ito ay mayroong patas na pagkakataon na makilahok sa nasabing mga aktibidad (34 C.F.R. §300.553). Kapag ang isang distrito o naaangkop na pribadong ahensya ay nagkaloob o nag-ayos ng mga hindi pang-akademya at panlabas sa paaralan na gma serbisyo/aktibidad na angkop para sa estudyante na may kapansanan, ang pangkat ng IEP ay kailangang tiyakin ang kinakailangang mga dagdag ng tulong at serbisyo na nararapat para sa pakikilahok. Ang mga hindi pang-akademya at panlabas ng paaralan na serbisyo/aktibidad ay maaaring makasama ang, ngunit hindi limitado sa, mga pagkain, mga recess, mga serbisyong pagpapayo, atletiks, transportasyon, serbisyong pangkalusugan, aktibidad na panlibang, mga pangkat ng espesyal na interes, pagsasangguni sa mga ahensya an nagkaloob ng tulong sa mga indibiduwal na may kapansanan, at paglalaan ng trabaho sa mga estudyante, kasama na ang parehong hanap buhay sa pampublikong ahensya at tulong sa paggagawang handa ang hanap buhay sa labas [34 C.F.R. §300.306(b)].

Mga bata sa Pampubliko, Hindi pampubliko o Pribadong mga Pasilidad

Upang tiyakin na ang mga estudyante na may kapansana ay natututo sa LRE at tumatanggap ng libre at angkop na pampublikong edukasyon, ang ISBE ay papasok sa mga kasunduan na may angkop na pampubliko at pribadong mga institusyon at mga kaugnay na ahensya ng estado, tulad ng kinakailangan.

Teknikal na Tulong at Pagsasanay

Titiyakin ng ISBE na ang mga guro at tagapangasiwa ng mga pampublikong ahensya na namamahala sa mga estudyante na may kapansanan ay ganap na may kaalaman tungkol sa kanilang mga responsibilidad para sa pagpapatupad ng mga kinakailangang ng LRE. Ang ISBE ay magkakaloob ng teknikal na tulong at pagsasanay na kinakailang upang tulungan ang pagpupursigi na ito.

Pagbabantay ng mga Aktibidad

Babantayan ng ISBE ang pampublikong mga ahensya upang tiyakin na ang mga hiling ng LRE ay naipapatupad. Kung makatuklas ng katibayan ang ISBE na ang mga pagtatakda ay hindi umaalinsunod sa utos ng LRE, ang mga kawani ay magrerepaso sa pangangatuwiran ng pampublikong ahensya at dokumentasyon at pagktapos ay tutulungan ang ahensya na magplano at ipatupad ang anumang pagwawastong kilos na kinakailangan.

**PAGPAPAKATAWAN NG MGA KARAPATAN UPANG GUMAWA NG MGA DESISYONG
PANG-EDUKASYON**

PANGALANG NG ESTUDYANTE: _____ PETA: _____

PETA NG KAPANAKANAN: _____ PETA NG PAGESAPIT NG MAYOR DE EDAD: _____

Ako, _____, may edad na 18 taong gulang o higit pa at isang estudyante na may ligal na karapatan
(Pangalang ng Estudyante)

na magsagawa ng mga desisyong pang-edukasyon para sa aking sarili sa ilalim ng batas ng Estado at Pederal. Hindi ako nakatulan na walang kakayahan at, hanggang sa petsa ng pagpapatupad ng dokumentong ito, sa pamamagitan nito ay inaatasan ko ang aking sariling karapatan upang magbigay pahintulot at gumawa ng mga desisyon hinggil sa aking edukasyon sa indibiduwal na tinutukoy sa ibaba. Ang indibiduwal na ito ay tinuturing na aking "magulang" para sa mga layunin ng mga Batas sa Pagpapaulad ng Edukasyon sa mga Indibiduwal na May Kapansanan ng 2004 at Artikulo 14 ng Code ng Paaralan at gagamitin ang lahat ng kanilang mga karapatan at responsibilidad hinggil sa aking edukasyon na naisangguni sa isang magulang ayon sa mga batas na iyon.

Naiintindihan ko at ibinigay ko ang aking pahintulot para sa indibiduwal na ito na gawin ang lahat ng mga desisyon na may kaugnayan sa aking edukasyon sa ngalan ko. Naiintindihan ko na ako ay maroong karapatan na dumalo sa mga pagpupulong na gaganapin upang pahasayin ang aking Ayon sa Indibiduwal na Programang Pang-edukasyon (IEP) at mayroon akong karapatan na ipahayag ang anumang mga isyu o pagkakabahala na mayroon ako at dapat na isaalang-alang ang mga ito ng paaralan sa distrito.

Ang pagpapakatawan na ito ay magkakabisa sa loob ng isang taon mula sa petsa ng pagpapatupad sa ibaba at maaaring ipanumbalik sa pamamagitan ng akng nakasulat o iba pang pormal na awtorisasyon. Naiintindihan ko din na ako ay maroong karapatan na tapusin ang Pagpapakatawan ng mga Karapatan sa anumang oras at angkinin ang karapatan na gumawa ng aking sariling mga desisyon hinggil sa aking edukasyon. Nauunawaan ko na kailangan ko ipaalam kaagad sa paaralan sa distrito kung aking bawiin ang Pagpapakatawan ng mga Karapatan bago magtapos ito.

(OPSYONAL) - Natanggap ko ang pormularyong ito at napiling **HINDI** ipagkatawan ang aking mga karapatan

_____ Lagda ng Estudyante

_____ Petsa

(KINAKAILANGAN) - Natanggap ko ang pormularyong ito at **NAPILING** ipagkatawan ang aking mga karapatan sa indibiduwal na nakalista sa ibaba.

_____ Pangalang ng "Magulang" na Kinatawan

_____ Kaugnayan (Opsyonal)

_____ Lagda ng Kinatawang "Magulang"

_____ Petsa

_____ Lagda ng Estudyante

_____ Petsa

_____ Lagda ng May awtorisasyon na Kawani ng Paaralan

_____ Petsa

(KINAKAILANGAN, KUNG NAAANGKOP) - Nais kong **TAPUSIN** ang Pagkakatawan ng mga Karapatan sa ngayon at angkinin ang karapatan na gumawa ng mga sariling desisyong hinggil sa aking edukasyon.

_____ Lagda ng Estudyante

_____ Petsa